


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 3: Batas at Panuntunang Pangkapaligiran, Susundin Ko!



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 3: Batas at Panuntunang Pangkapaligiran,
Susundin Ko!
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Josephine Bruselas-Mien Lea B. Perez	Agnes Dejuras-Nocos Jessica Abanto-Pura
Tagasuri:	Mary Jean B. Brizuela Dollie G. Franche	Sheila C. Bulawan Irene F. Yazon
Tagaguhit:	Jed T. Adra	
Tagalapat:	Jeffrey B. Sape Vergel Junior C. Eusebio	John Claude R. Caunca
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad Grace U. Rabelas Jily I. Rocas	Francisco B. Bulalacao Lailanie R. Loric Merlita B. Camu

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Contact: 0917-178-1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 3:
Batas at Panuntunang
Pangkapaligiran, Susundin Ko!**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa pagdaan ng panahon, parami nang parami ang mga gusaling itinatayo at iba't ibang transportasyon ang pinatatakbo sa kalsada. Kasabay ng pag-unlad sa pamamaraan ng ating pamumuhay ay ang pagbabago rin ng ating kapaligiran. Patuloy ang nararanasan nating pagbabago sa klima (*climate change*) na nagdudulot ng masamang epekto sa atin.

Ang *climate change* ay ang pagbabago ng klima sa karaniwang kondisyon nito sa isang rehiyon sa pagdaan ng mga panahon. Maaaring pagbabago ito sa temperatura, hangin at pag-ulan. Dahil sa polusyon, tumataas ang *greenhouse gases water vapor, carbon dioxide, methane, ozone, nitrous oxide, chlorofluorocarbons*) na nagpapainit ng mundo. Ito ay masama dahil nagdudulot ito ng matinding init sa kapaligiran at mas madalas at mas malakas na bagyo. Ang bagyo ay nagiging sanhi ng matinding pagbaha, pagguho ng lupa, at paglubog ng mga mabababang lugar.

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansa sa mundo na matinding naapektuhan sa pagbabago ng klima. Ito ay nakakaapekto sa libo- libong mamamayan. Tulad ng pagkasira ng mga kabahayan, imprastraktura, at kabuhayang pang-agrikultura. Dumarami rin ang kaso ng *dengue, leptospirosis, cholera*, at tigdas pagkatapos ng kalamidad.

Isa sa mga dahilan ng pagbabago ng klima o panahon ay ang mga gawaing nakasisira sa kapaligiran tulad ng pagkalat ng basura kung saan-saan. May magagawa ba ang isang batang tulad mo upang maproteksyunan ang kapaligiran sa patuloy nitong pagkasira? Ang sagot ay oo. Ang pagsunod sa mga batas at panuntunang pangkapaligiran kahit walang nakakakita ay isang malaking ambag sa pangangalaga ng kapaligiran. Kaya naman, mahalagang malaman mo ang mga batas at panuntunang ito.

Magsisilbing gabay ang modyul na ito sa pagtukoy ng mga batas at panuntunang pinaiiral ng ating pamahalaan para mapangalagaan ang ating kapaligiran.



Subukin

A. TAMA O MALI. Isulat sa patlang ang TAMA kung wasto ang pahayag at MALI kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Maaaring sundin o hindi ang mga batas na layuning mapangalagaan ang ating kapaligiran.
- _____ 2. Mahalagang magkaroon ng disiplina sa pagsunod sa batas pangkapaligiran.
- _____ 3. Ang malinis at kaaya-ayang kapaligiran ay matatamo kung ang lahat ay susunod sa panuntunang pangkapaligiran.
- _____ 4. Sundin ang panuntunan sa pangangalaga ng kapaligiran kung may nakatingin sa iyo.
- _____ 5. Ang mga batas pangkapaligiran ay ginawa para sundin ng mga matatanda lamang.

B. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa inyong sagutang papel.

- _____ 6. Kailan mo dapat sundin ang mga panuntunang pangkapaligiran?
 - A. palagi
 - B. minsan
 - C. kung gusto lang
 - D. tuwing may nakakikita

- _____ 7. Bakit kailangang sundin ang mga batas pangkapaligiran?
- A. para hindi mapagalitan ng guro
 - B. para maiwasan ang pagkakakulong
 - C. upang makakuha ng mataas na marka
 - D. upang mapanatiling kaaya-aya ang kapaligiran
- _____ 8. Napansin ni Mika na marumi ang ibinubugang usok ng motorsiklo ng kaniyang Tatay. Kung ikaw si Mika, ano ang iyong gagawin?
- A. Hindi ko po pakikialaman si Tatay.
 - B. Sasabihan ko po si Tatay na ipaayos ito.
 - C. Hahayaan ko lang po dahil nakatatanda sa akin si Tatay.
 - D. Papagalitan ko po si Tatay dahil nakarurumi ito sa hangin.
- _____ 9. Alin sa mga sumusunod na gawain ang nagpapakita ng pagsunod sa batas pangkapaligiran?
- A. pagtatapon ng basura sa ilog
 - B. pagsusunog ng basura
 - C. paglalagay ng mga balat ng prutas sa sako na may lamang lupa
 - D. pagkalat ng basura na nakaimbak sa MRF (*Materials Recovery Facility*) ng barangay
- _____ 10. Mahigpit na ngayong ipinagbabawal ang paninigarilyo sa mga pampublikong lugar. Ngunit, may mga iilan pa ring mamamayan ang hindi sumusunod dito. Bukod sa nakasasama ito sa kalusugan, ano ang batas na nilalabag ng isang tao na nagsisigarilyo pa rin sa mga pampublikong lugar?
- A. RA 9003
 - B. RA 9275
 - C. RA 8749
 - D. RA 7942

Aralin

1

Batas at Panuntunang Pangkapaligiran, Susundin Ko!

Basahin ang islogan na nasa ibaba. Sang-ayon ka ba sa sinasabi nito?

**Batas at Panuntunang Pangkapaligiran,
Kailangang Sundin para kay Inang Kalikasan.**

Ang ating kalikasan ay unti-unti nang nasisira ngunit may magagawa pa tayo upang ibalik at mapanatili ang ganda nito. Upang gabayan tayo sa ating mga gawaing makatitiyak sa pangangalaga ng ating Inang Kalikasan, mayroong mga batas at panuntunang pangkapaligirang ipinatutupad sa ating pamayanan at sa buong bansa. Nagkakaisa ang bawat bansa sa buong mundo sa hangarin na mapangalagaan ang ating Inang Kalikasan. Ngunit, sadya ngang may mga taong pasaway at hindi sumusunod sa mga batas at panuntunang pangkapaligiran.

Ang modyul na ito ay makatutulong upang matukoy mo ang mga batas at panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran. Matututunan mong sundin ang mga batas at panuntunang pangkapaligiran kahit walang nakakakita. Ang mga gawain sa modyul na ito ay magsisilbing gabay mo kung paano ka magiging disiplinadong mamamayan.



Balikan

Napag-aralan mo sa nakaraang modyul ang tungkol sa pagpapahalaga at pagmamalaki sa kultura ng iba't ibang pangkat-etniko ng bansa. Bawat pangkat ay may taglay na mga katangian na maaaring naiiba sa pangkat na kinabibilangan mo. Bagamat

may pagkakaiba-iba, dapat pairalin ang paggalang at pagmamahalan upang makamit ang katiwasayan.

Paano mo mapahahalagahan ang sarili mong kultura at kultura ng ibang pangkat- etnikong Pilipino? Ikahon ang mga gawaing nagpapakita nito.

- Binabasa ang mga alamat ng iba't ibang lugar sa aming rehiyon.
- Mas kinahihiligang pakinggan ang musika ng mga artistang dayuhan
- Sumasali sa mga palatuntunan na nagpapakita ng ganda ng sariling kultura.
- Ipinagmamalaki sa mga kaibigang banyaga ang mga katutubong laro ng sariling lugar.
- Inuubos ang oras sa pag-aaral ng sayaw ng ibang lahi.

Isa sa mga salik sa kultura ng bawat pangkat-etniko ay ang kaniyang kapaligiran. Mahalaga ang bahaging ginagampanan nito sa pag-unlad ng kultura. Kaya naman, nararapat lamang na pangalagaan ang kapaligiran kasabay ng pag-unlad ng kulturang Pilipino.



Tuklasin

Pag-aralan ang komiks sa ibaba.

KEN MASUNURIN



Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Bakit tuwang-tuwa ang mga bata habang sila ay naglalakbay-aral sa kagubatan?

2. Napansin ni Marie na napangalagaan ang ganda ng kagubatan. Sa tingin mo, bakit kaya napanatili ang ganda nito?

3. Bakit kaya Ken Masunurin ang pamagat ng komiks?

4. Sang-ayon ka ba sa ginawa ni Ken? Bakit?

5. Kung ikaw si Ken, ano ang gagawin mo?



Suriin

Ang kapaligiran ay unti-unti nang nasisira dahil sa di-matalinong pangangasiwa nito. Nararapat lamang na ito'y pangalagaan upang magamit pa ng susunod na henerasyon at makatulong sa pag-unlad ng bansa. Upang maagapan ang patuloy na pagkasira nito, nagpatupad ang ating pamahalaan ng mga batas o mga alituntunin na dapat sundin ng mga mamamayang Pilipino.

Ilan sa mga batas na ipinatutupad upang mapangalagaan ang kapaligiran ay ang sumusunod:

• **RA 9003 (Ecological Waste Management Act of 2000)**

Ang pagpapanatiling malinis ng kapaligiran ay responsibilidad ng lahat ng mamamayang Pilipino. Sa batas na ito, ipinatutupad ang tamang pagkakabukod-bukod ng basura. Ang basura ay dapat ibukod sa *recyclable waste* at *compostable waste*.

Ang mga basurang papel, plastik, bakal, bote, at bubog ay kabilang sa tinatawag na *recyclable waste*. Ito ang mga basurang maaari pang ma-reuse o ma-recycle at mapagkakitaan tulad ng papel, plastik, *aluminum*, at gulong. Ang *compostable waste materials* naman ay ang mga basura na maaaring gawing pataba. Halimbawa nito ay ang mga tirang pagkain gaya ng balat ng itlog, tinik ng isda, buto ng baboy at manok, at mga balat at buto ng

gulay at prutas. Ang mga dahon, damo, sanga, tuyong halaman, at dumi ng hayop ay kabilang sa *compostable waste materials*.

Ayon sa batas na ito, ang bawat barangay ay kinakailangang may maayos na pagtatapunan ng basura o MRF (Materials Recovery Facility). Dito ilalagay ng mga mamamayan ang kanilang mga basurang pinaghiwa-hiwalay nila sa kanilang bahay bilang *recyclable waste at compostable waste materials*.

• **Republic Act 8749 (Philippine Clean Air Act of 1999)**

Layunin ng batas na ito na hikayatin ang bawat mamamayang Pilipino na iwasan ang mga gawaing nakasisira sa kalidad ng hangin. Itinataguyod ng batas na ito ang mga programang sumusuporta sa pagpapanatili ng kalinisan ng hangin kaalinsabay ng pagdami ng mga sasakyan, pabrika at iba pang imprastrakturang bumubuga ng usok.

Alinsunod sa batas na ito, ang lahat ng sasakyang bumubuga ng usok ay kailangang ipasuri sa isang *Vehicle Emission Testing Center* na aprobado ng *Land Transportatin Office* (LTO) upang tiyakin na ang mga *toxic gases* na binubuga ng mga sasakyan ay hindi hihigit sa natukoy na limitasyon. Sinusukat nito ang antas ng *nitrogen oxide* (NOx), *carbon monoxide* (CO), *particulate matter* (PM), *non-methane organic gases* (NMOG), at *formaldehyde* (HCHO) na binubuga ng sasakyan. Ang mga nakalalasang *gas* na ito ay isa sa mga sanhi ng pagtaas ng temperatura ng ating kapaligiran at salik sa *climate change*. Ang sobrang pagkakalantad ng isang tao sa mga ito ay nakasasama rin sa kalusugan. Kaya kapag hindi pumasa ang sasakyan sa *emission testing*, hindi ito maaaring mairehistro at imaneho.

Ipinagbabawal din ang paninigarilyo sa mga pampublikong lugar o pampublikong sasakyan at pagsusunog ng basura. Ang usok mula sa mga nasabing gawain ay nakarurumi sa hangin dahil sa *pollutants* na ibinubuga nito. Nakasasama rin ito sa kalusugan ng tao.

• **Republic Act 9275 (Philippine Clean Water Act of 2004)**


Ang batas na ito ay naglalayong mabawasan ang polusyon ng ating katubigan at patuloy itong mapangalagaan. Sa batas na ito,

ipinagbabawal ang pagtatapon ng mga basura gaya ng plastik at mga basurang mula sa *hospital* o *medical waste* sa katubigan. Ang mga basurang ito ay hindi agad natutunaw. Ito ay nasisira lamang sa maliliit na piraso na tinatawag na *microplastics*. Ang *microplastics* ay napagkakamalang pagkain ng mga hayop sa karagatan gaya ng dagat pagong, *seagulls*, *dolphin*, at balyena. Hindi nila matukoy kung ang kanilang kinakain ay isang dikya o plastik. Maaari silang mamatay sa pagkain nito at maaaring mawalan ng gana sa pagkain ng mga tunay nilang pagkain. Sinisira din ng plastik ang kalidad ng tubig dahil sa *toxic compounds* nito na kinalauna'y nakapipinsala sa kalusugan ng tao at hayop.

- **Mga Panuntunang Pangkapaligiran**

Ang bawat pamayanan ay may panuntunang pangkapaligirang ipinatutupad upang masuportahan ang adhikain ng pamahalaan na mapanatiling malinis ang ating kapaligiran at ligtas sa sakit ang mga mamamayan. Ilan sa mga programa ay ang “Basura Ko, Bitbit Ko,” “Tapat Ko, Linis Ko,” “*Clean and Green*” at CLAYGO (*Clean As You Go*) na may layunin linisin ang sariling kalat bago umalis sa isang lugar.




Ang mga batas at panuntunang pangkapaligiran ay ipinatutupad upang mapangalagaan ang ating kapaligiran at maibsan ang masamang epekto ng *climate change*. Ito ay kailangang sundin ng lahat, maging ng isang batang tulad mo. Ito sana ang maging pamantayan upang maging epektibo ang pagpapatupad nito saan man tayo naroroon dahil ang usaping pangkapaligiran ay pambansa at pandaigdigang suliranin.




Pagyamanin

Gawain 1

Suriin ang mga panuntunang makikita sa larawan. Ano ang dapat mong gawin bilang isang disiplinadong mamamayan ukol dito? Isulat ang titik ng wastong sagot sa sagutang papel.

<p>1.</p> 	<p>A. Sa ilog din ako magtatapon ng basura. B. Balewalain ko ang aking nakita C. Hindi magtatapon ng basura sa ilog. D. Tanging <i>compostable waste materials</i> ang itatapon sa ilog.</p>
<p>2.</p> 	<p>A. Hahayaang nagkalat ang basura. B. Hindi ako makikialam. C. Wawalisin ang nagkalat na basura at itatapon sa basurahan. D. Imumungkahi sa kapitan na gawing tambakan ng basura ang parke.</p>
<p>3.</p> 	<p>A. Gagayahin ang ale. B. Tutulungan ang ale. C. Pababayaang ang ale sa kaniyang ginagawa. D. Ipapaalam sa Ale na ipinagbabawal ang pagsusunog ng basura.</p>


4.



- A. Makikipaghabulan sa loob ng bakanteng lote.
- B. Tutulong sa pagtanim ng mga halaman.
- C. Tatanggalin ang karatula.
- D. Tatapunan ito ng basura.

Gawain 2

Tukuyin kung ang sumusunod na gawaing nasa loob ng bulaklak ay nagpapakita ng pagsunod sa mga batas at panuntunang pangkapaligiran. Kung oo, lagyan ito ng tangkay papuntang plorera at kulayan ito ng paborito mong mga kulay.





Isaisip

Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol sa mga batas at panuntunang pinaiiral ng ating pamahalaan para mapangalagaan ang ating kapaligiran. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Anong mga batas at panuntunang pangkapaligiran ang tinalakay sa modyul na ito?

2. Bakit mahalaga ang mga batas at panuntunang pangkapaligiran?

3. Anong pagpapahalaga ang dapat taglayin sa pagsunod ng mga batas at panuntunang pangkapaligiran?

4. Ang mga isyung pangkapaligiran ay isang pambansa at pandaigdigang usapin. Paano ka makatutulong upang masolusyunan ito?



Isagawa

1. Bakatin ang kanang kamay sa loob ng kahon at isulat ang iyong pangalan sa loob ng iginuhit na kamay.
2. Kulayan ito ng berde.
3. Pagkatapos, buuin ang “Pangako para sa Kapaligiran” na nasa ibaba ng kahon. Isulat sa patlang ang salitang bubuo sa ideya ng bawat pangungusap.

Pangako para sa Kapaligiran

Ang kapaligiran ay biyaya mula sa _____(Diyos, Pangulo, tao). Ang tao bilang pinakamatalino Niyang nilalang ay may (tungkuling, karapatang, pangangailangang)_____ pangalagaan ito. Kaya ako, bilang isang disiplinadong mamamayan ay nangangakong _____(susuway, susunod,

lalabag) sa mga batas pangkapaligiran ng aming pamayanan. _____(Magrereklamo, Maglilinis, Manggugulo) ako dahil walang nakakakita sa akin. _____(Susuwayin, Iiwasan, Susundin) ko ang mga batas pangkapaligiran. Bilang mamamayan, may magagawa na ako upang mapanatiling malinis ang kapaligiran.



Tayahin

I. Panuto: Lagyan ng **tsek (/)** ang pahayag kung ito ay wasto at **ekis (X)** kung hindi wasto. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- ___ 1. Ang mga batas sa pangangalaga ng kapaligiran ay dapat na sundin tuwing may nakakakita lamang.
- ___ 2. Mahalagang maging modelo ang kabataan sa mga hindi sumusunod sa mga panuntunang pangkapaligiran.
- ___ 3. Ang mga batas at panuntunang pangkapaligiran ay ipinatutupad ng pamahalaan upang magkaroon tayo ng malinis at kaaya-ayang kapaligiran.
- ___ 4. Ang CLAYGO (*Clean As You Go*) ay hindi dapat ipinatutupad dahil marami namang dyanitor sa mga pampublikong lugar.
- ___ 5. Ang mga batas at panununtunang pangkapaligiran ay dapat sundin ng lahat na mamamayan.

II. Isulat ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- ___ 1. Alin sa mga sumusunod na batas ang nilabag ni Danilo nang itinapon niya ang plastik ng tsitsiriya sa ilog?
A. RA 8749 C. RA 9003
B. RA 9275 D. RA 8749

- _____ 2. Ano ang maaaring mangyari kung ang lahat ng mamamayan ay sumusunod sa mga batas at panuntunang pangkapaligiran?
- A. bababa ang kriminalidad sa bansa
 - B. mababawasan ang polusyon sa kapaligiran
 - C. magkakaroon ng maraming pabrika sa bansa
 - D. mababawasan ang turistang pupunta sa bansa
- _____ 3. Alin sa mga sumusunod na gawain ang nagpapakita ng paglabag sa batas pangkapaligiran?
- A. paglagay ng *recyclable waste materials* sa MRF
 - B. pagbitbit ng basura upang itapon sa tamang basurahan.
 - C. pagbubukod-bukod ng basura sa *recyclable at compostable waste materials*
 - D. paggamit ng motorsiklo na hindi pumasa sa *Vehicle Emission Testing Center*
- _____ 4. Nakita ni Arnold na itinatapon ng kaniyang bunsong kapatid ang kanilang basura sa tabing- dagat. Kung ikaw si Arnold, ano ang dapat mong gagawin?
- A. Hahayaan ko lang siya.
 - B. Hindi ko papansinin ang ginawa niya.
 - C. Papagalitan ko agad siya at papaluin sa kamay.
 - D. Ikukuwento ko sa kaniya ang natutuhan ko tungkol sa masamang dulot nito sa kapaligiran.

- _____ 5. Paano mo masasabi na ikaw ay may disiplina sa pagsunod sa mga batas pangkapaligiran?
- A. kapag sumusunod sa mga batas pangkapaligiran kahit walang nakakakita.
 - B. kung ang panuntunang pangkapaligiran lamang sa paaralan ang sinusunod.
 - C. tuwing sumusunod sa mga batas pangkapaligiran kapag may nakakakita lamang.
 - D. sa tuwing iginagalang lamang ang mga batas pangkapaligiran na may mabibigat na kaparusahan.



Karagdagang Gawain

Ano ang iyong gagawin sa bawat sitwasyon? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Hindi ninyo nakasanayan sa bahay na ihiwalay ang mga basura. Isang basurahan lamang ang inyong pinagtatapunan ng lahat ng klase ng basura.

2. Inuutusan ka ng iyong Nanay na sunugin ang isang sakong plastik.

3. May kolektor ng basura sa inyong barangay ngunit kailangang nakabukod ang mga basura.

4. Gumawa kayo ng *mango cake*. Ang daming balat ng mangga sa mesa.

5. Marami kang nakitang basura lalo na mga plastik ng sitsiriya sa tabing-dagat.

Binabati kita! Natukoy mo na ang mga batas at panuntunang pinaiiral hinggil sa pangangalaga ng ating kapaligiran. Inaasahang palagi mong susundin ang mga batas at panuntunang pangkapaligiran kahit walang nakakakita sa iyo. Patuloy kang maging isang disiplinadong mamamayan.

Sapagkat matagumpay mong natapos ang araling ito, maaari ka nang tumungo sa susunod na modyul.



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>A.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. M 2. T 3. T 4. M 5. M <p>B.</p> <ol style="list-style-type: none"> 6. A 7. D 8. B 9. C 10. C 	<p>Balikan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Binabasa ang mga alamat ng ibat ibang lugar sa aring rehiyon. • Mas kinahihilingang pakinngan ang musika ng mga artistang dayuhan • Sumasail sa mga palatuntunan na nagpapakita ng ganda ng sariling kultura. • Ipinagmamalaki sa mga kalibang banyaga ang mga katutubong laro ng sariling lugar. • Inubos ang oras sa pag-aaral ng sayaw ng ibang lahi.
--	--

<p>Tuklasin</p> <p>Mga Posibleng Sagot:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. *Dahil maganda ang kagubatan. *Dahil marami pang malalaki at matataas na puno. *Dahil napangalagaan pa ang kagubatan. <p>2. * Sumusunod ang mga mamamayan sa mga batas/ panuntunan tungkol sa pangangalaga ng kagubatan.</p> <p>*Walang nag-i-<i>illegal logging</i> sa kagubatan.</p> <p>*Walang nagka-kaingin sa kagubatan.</p> <p>*May grupong nangangalaga sa kagubatan.</p> <p>*Nagtutulongan ang mamamayan sa paglinis at pag-alaga ng kagubatan.</p> <p>3. *Dahil ang isa sa mga tauhan sa komiks na si Ken ay iniligpit muna ang basura sa kaniyang bulsa.</p> <p>*Kasi maganda ang ginawa ni Ken na hindi pagtatapon ng basura sa gubat.</p> <p>*Kasi sinunod ni Ken si Marie na huwag itapon ang plastic ng biskwit sa kagubatan.</p> <p>4. *Opo dahil hindi niya itinapon ang basura sa kagubatan.</p> <p>5. *Kung ako si Ken ganito rin ang gagawin ko, itatago ko muna ang basura sa aking bulsa o <i>bag</i>.</p>

Pagyaamanin

Gawain 1

1. C
2. C
3. D
4. B

Gawain 2

Ang mga bulaklak na dapat nakakabit sa plorera ay ang mga sumusunod:

1. pagtatanim ng mga halaman sa likod-bahay
2. tamang pagkabukod-bukod ng basura
3. pagsasabuhay ng CLAYGO
4. paglilinis ng sariling kalat bago umalis sa isang lugar
5. pagtatapon ng balat ng prutas sa basurahanng may label na *recyclable waste materials*

Isaisip

1. Ang mga batas at panuntunang pangkapaligiran na tinalakay sa modyul na ito ay ang mga sumusunod: RA 9003 (*Ecological Waste Management Act of 2000*); RA 8749 (*Philippine Clean Air Act of 1999*); at RA 9275 (*Philippine Clean Water Act of 2004*). Ang mga panuntunang pangkapaligiran naman na tinalakay ay ang mga sumusunod: Basura Ko, Bitbit Ko, Tapat Ko, Linis Ko, *Clean and Green at CLAYGO (Clean As You Go)*.
2. dahil ang mga ito ay magsisilbing gabay sa mga mamamayan sa mga gawain na dapat sundin sa pagpapantaling malinis at maayos ang kapaligiran
3. pagkadiisipinado at pagkamasunurin
4. *Kaliangang sundin ag mga batas at panuntunang pangkapaligiran.
5. *Kaliangang maging disipinado.
5. *pagsunod sa mga batas at panuntunang pangkapaligiran *pagkakaroon ng disiplina sa pagsunod sa mga batas at panuntunang pangkapaligiran

<p>Karagandang Gawain</p> <p>1. Mga Posibleng Sagot:</p> <p>*Sasabihan si Tatay na bumili ng isa pang basurahan. *Gagawa ng isa pang basurahan para magkahiwalay ang lalagyan ng mga basura</p> <p>2. Sasabihan si Nanay na ipinagbabawal ito.</p> <p>3. Ibukod ang mga basura.</p> <p>4. Ihalo ito sa mga gagawing pataba.</p> <p>5. Tumulong sa paglilinis</p>	<p>Tayahin</p> <p>I. 1. X2. ✓ II. 1. B 2. B 3. ✓ 4. X 5. ✓ 4. D 5. A</p>	<p>Isagawa</p> <p>1. Nararapat na na nai-trace ng bata ang kaniyang kanang kamay sa kahon.</p> <p>2. Nakulayan ang nai-trace na kamay ng kulay berde</p> <p>3. Ang kapaligiran ay biyaya mula sa Diyos. Ang tao bilang pinakamatatino Niyang nilalang ay may tungkuling pangalagaan ito. Kaya ako, bilang isang disipinadong mamamayan ay nangangakong <u>susunod</u> sa mga batas pangkapaligiran ng aming pamayanan. <u>Maglilinis</u> ako dahil walang nakakakita sa akin. <u>Susunod</u>in ko ang mga batas pangkapaligiran. Bilang bata, may gagawa na ako upang mapanatiling malinis ang kapaligiran.</p>
--	--	--

Sanggunian

Tejada, Kharen E. Kaalaman Tungkol sa RA 9003 (The Ecological Solid Waste Management Act of 2000), Ibinahagi sa Barangay Functionaries ng Ibaan, December 20, 2017. Retrieved on March 23, 2020 from <https://ibaangibanan2017.wordpress.com>

R.A. 8749.

(1999). https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1999/ra_8749_1999.html

RA 9275 – The Philippine Clean Water Act. (n.d.). EMB XII | The official website of DENR-Environmental Management Bureau Region 12. <https://r12.emb.gov.ph/ra-9275-the-philippine-clean-water-act/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph